1

# Lingguhang Aralin sa Makabansa

Kwarter 1

Linggo 6

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Lingguhang Aralin sa Makabansa 1**
**Kwarter 1: Linggo 6**

Ang materyal na ito ay gagamitin lamang para sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong maging batayan sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ipinagbabawal ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pagrebisa, paggamit o pagbahagi ng materyal na ito. Anumang paglabag o hindi pagsunod sa itinakdang saklaw ay maaaring magresulta sa kaparusahan alinsunod sa legal na hakbang.

Ang ilan sa mga akdang ginamit sa materyal na ito ay orihinal. Pinagsumikapan ng mga bumuo ng materyal na makuha ang pahintulot ng mga manunulat sa paggamit ng iba pang akda at hindi inaangkin ang karapatang-ari ng mga ito.

Tiniyak din ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numerong (02) 8634-1072 / 8631-6922 o pagpapadala ng email sa blr.od@deped.gov.ph.

Mula sa Kagawaran ng Edukasyon, isang taos pusong pasasalamat sa United States Agency for International Development and RTI International sa pamamagitan ng ABC+ Project at UNICEF sa pagsuporta at pagbibigay ng teknikal na tulong sa pagbuo ng MATATAG learning resources.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Sara Z. Duterte - Carpio
Pangalawang Kalihim: Gina O. Gonong

**Bumuo ng Materyal**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Fe Angelic F. Mercado, Chloe Joyce I. Buyayo, Herwina Gravador |
| **Tagasuri:** | Cherry Gil J. Mendoza, Jayson R. Tadeo, Jocelyn Tuguinayo |
| **Tagasuri ng Wika:** | Ellen Gelisanga-De la Cruz, Joyce V. Arce |
| **Tagaguhit:** | Jason O. Villena, Fermin M. Fabella |
| **Tagalapat:** | Rejoice Ann C. Mananquil, Paul Andrew A. Tremedal, Jecson L. Oafallas |



**Namahala sa Pagbuo ng Materyal**
Bureau of Curriculum Development
Bureau of Learning Delivery
Bureau of Learning Resources

| MATATAG Kto10 Kurikulum<br>Lingguhang Aralin | Paaralan: | | Baitang: | 1 |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | Makabansa |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | | Markahan: | 1 |


| | UNANG ARAW | IKALAWANG ARAW | IKATLONG ARAW | IKAAPAT NA ARAW |
|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | |
| *A. Pamantayang Pangnilallaman* | Nauunawaan na ang bawat tao ay may indibidwalidad (individuality) | | | |
| *B. Pamantayang Pagganap* | Naipapamalas na ang bawat tao ay may indibidwalidad | | | |
| *C. Mga Kasanayang Pampagkatuto* | Naipaliliwanag ang karapatan at tungkulin ng bawat bata | | | |
| *D. Mga Layunin* | Naibibigay ang kahulugan ng karapatan at tungkulin<br><br>Natutukoy ang ilang karapatan at tungkulin ng bata<br><br>Nasasabi ang ugnayan ng karapatan at tungkulin | Nailalahad ang karapatang maisilang at magkaroon ng pangalan at nasyonalidad<br><br>Natutukoy ang mga tungkulin ng pagkakaroon ng pangalan at nasyonalidad | Nailalahad ang karapatang magkaroon ng tahanan at pamilyang mag-aaruga<br><br>Nasasabi ang mga tungkulin sa tahanan at pamilya | Natatalakay ang karapatan na manirahan sa payapa at tahimik na lugar<br><br>Natutukoy ang mga tungkulin sa kinabibilangang komunidad |
| **II. NILALAMAN/ PAKSA** | Kahulugan ng Karapatan at Tungkulin | Karapatang Maisilang at Magkaroon ng Pangalan at Nasyonalidad<br><br>Mga Tungkulin sa Pagkakaroon ng Pangalan at Nasyonalidad | Karapatang Magkaroon ng Tahanan at Pamilyang Mag-aaruga<br><br>Mga Tungkulin sa Tahanan at Pamilya | Karapatang Manirahan sa Payapa at Tahimik na Lugar<br><br>Mga Tungkulin sa Kinabibilangang Komunidad |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| A. *Mga Sanggunian* | * Sibika at Kultura Batayang Aklat 1. 2001. pp. 164-167, 172-183<br><br>* Pilipinas: Bansang Maganda Batayang Aklat 2. 2000. pp. 206-213 | * Sibika at Kultura Batayang Aklat 1. 2001. pp. 164-167, 172-183<br><br>* Pilipinas: Bansang Maganda Batayang Aklat 2. 2000. pp. 206-213 | * Sibika at Kultura Batayang Aklat 1. 2001. pp. 164-167, 172-183<br><br>* Pilipinas: Bansang Maganda Batayang Aklat 2. 2000. pp. 206-213 | * Sibika at Kultura Batayang Aklat 1. 2001. pp. 164-167, 172-183<br><br>* Pilipinas: Bansang Maganda Batayang Aklat 2. 2000. pp. 206-213 |
| B. *Iba pang Kagamitan* | plaskard, *tv/speaker* | larawan, tsart, *tv / speaker* | larawan, tsart, *tv / speaker* | supot na may guhit ng masaya at malungkot na mukha (*hand puppet*) |
| **IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| **Bago Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Panimulang Gawain* | Ipaskil o ipakita ang mga larawang ito.<br><br>Ano ang inyong nakikita sa bawat larawan?<br><br>Gabayan ang mga bata sa pagbibigay ng kanilang karanasan sa mga salitang pagkain, | Iparinig sa mga mag-aaral ang awit tungkol sa karapatan at tungkulin.<br><br>1. Tungkol saan ang awit na inyong narinig?<br>2. Ano-ano ang mga karapatang nabanggit sa awit? | Ipabahagi sa mga mag-aaral ang ginawang *name tag*.<br><br>I-proseso ang kanilang naramdaman habang nagbabahagi. | Itaas ang *hand puppet* na may guhit ng masayang mukha kung ang mga sumusunod ay pangangailangan ng bata at itaas naman ang may malungkot na mukha kung hindi.<br><br>1. pagkain<br>2. tahanan<br>3. bahay<br>4. damit<br>5. tubig<br>6. sasakyan |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | pagsilang, pamilya, at pag-aaral.<br>**Mga Tanong:**<br>1. Ano ang paborito mong pagkain?<br>2. Masaya ka ba tuwing araw ng iyong pagsilang?<br>3. Ilan kayong naninirahan sa tahanan ninyo?<br>4. Sino ang matalik mong kaibigan dito sa paaralan? | | | |
| *Gawaing Paglalahad ng Layunin ng Aralin* | Mga layunin ng aralin:<br><br>Naibibigay ang kahulugan ng karapatan at tungkulin<br><br>Natutukoy ang ilang karapatan at tungkulin ng bata<br><br>Nasasabi ang ugnayan ng karapatan at tungkulin | Mga layunin ng aralin:<br><br>Nailalahad ang karapatan na maisilang at magkaroon ng pangalan at nasyonalidad<br><br>Natutukoy ang mga tungkulin ng pagkakaroon ng pangalan at nasyonalidad | Mga layunin ng aralin:<br><br>Nailalahad ang karapatang magkaroon ng tahanan at pamilyang mag-aaruga<br><br>Nasasabi ang mga tungkulin sa tahanan at pamilya | Mga layunin ng aralin:<br><br>Natatalakay ang karapatan na manirahan sa payapa at tahimik na lugar<br><br>Natutukoy ang mga tungkulin sa kinabibilangang komunidad |
| *Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o* | Tingnan ang mga larawan na ipinaskil o ipinakita. | Ipakilala ang iyong sarili. Hayaang isa-isang magpakilala ang mga mag-aaral.<br><br>Ako ay si ______________. | Magpakita ng mga larawan at basahin ang mga salitang nasa *strips* na may kaugnayan sa aralin. | Ipaskil sa pisara ang mga larawan at ipasuri ito sa mga mag-aaral. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Mahahalagang Konsepto sa Aralin* | **Mga Tanong:**<br>1. Ano kaya ang damdamin ng mga batang nasa larawan?<br><br>* Masaya (Tanggapin pa ang iba pang mga kasagutan ng mga mag-aaral.)<br><br>2. Bakit masaya ang mga bata sa larawan?<br><br>*Dahil sila ay may pamilya, may pagkain, at may kaibigan. (Tanggapin pa ang iba pang mga kasagutan ng mga mag-aaral.)<br><br>3. Ito ba ay makatutulong upang ang isang tao ay mabuhay nang maayos?<br><br>Ang kasagutan ng mga mag-aaral ay tungo sa paghango sa kaalaman ng karapatan at tungkulin. | Ang aking kaarawan ay ______________________.<br><br>Nakatira ako sa ______________________.<br><br>Ang aking nanay ay si ___________________ at ang aking tatay naman ay si ________________<br><br>**Tandaan:** Maaaring mag-isip ng iba pang estratehiya o maghanap ng mga lokal na awit o tula sa pagpapakilala sa sarili. | Muling ipabasa sa mga mag-aaral ang mga salita.<br><br>**Tahanan;Pamilya**<br><br><br><br><br><br>**Mga Tanong:**<br>1. Ano-ano ang mga larawang ito?<br><br>2. Kayo ba ay kabilang sa isang pamilya?<br><br>3. Sino-sino ang mga | <br><br><br><br>Ihanay sa dalawa ang mga lawaran na nagpapakita ng magulo at tahimik na komunidad. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | 4. Ano nga ba ang karapatan?<br><br>Ang **karapatan** ay mga bagay na kailangan o maaaring gawin nang malaya ng isang tao para siya ay mabuhay nang maayos at may dignidad. Hindi ito maaaring alisin mula sa kahit sino mang tao, ano man ang katayuan sa buhay at sitwasyon na kinalalagyan.<br><br>Ang **tungkulin** ay ang mga bagay na inaasahang magagawa o maisasakatuparan ng isang tao. Kung maisasagawa mo nang maayos ang mga tungkuling ipinagagawa sa iyo, maaaring makapagbigay ka ng kaligayahan sa iba at kaganapan sa sarili, kahit ikaw ay bata pa lamang.<br><br>Sa gabay ng guro, ipaulit ang pagbasa ng salitang | | miyembro ng inyong pamilya?<br><br>4. Bakit kailangan natin ang tahanan? | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | **karapatan at tungkulin**<br>(nakasulat sa *strip of paper/ppt*). | | | |
| **Habang Itinuturo ang Aralin** | | | | |
| *Pagbasa sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya* | Pagpapanood ng bidyo tungkol sa karapatan at tungkulin ng isang bata.<br><br>**Mga Tanong:**<br>1. Ano ang pamagat ng bidyo?<br>2. Ano ang nararapat taglayin ng isang bata?<br>3. Ano-ano ang mga karapatang nabanggit sa bidyo?<br><br>Maghanda ng *visual materials* ng mga karapatang nabanggit sa bidyo.<br><br>Sa bawat pagsagot ng mga mag-aaral, isulat o ipaskil sa pisara ang mga sagot kasabay ang mga larawang nagpapakita nito. | Pag-aralan ang mga larawan.<br><br><br>Alam mo ba kung saan nagmula ang iyong pangalan? | Basahin ang kuwento sa mga mag-aaral.<br><br>Ako ay may pamilya. Nakatira kami sa aming tahanan. Mila ang pangalan ng nanay ko. Pilo ang tawag sa tatay ko. Ang kuya ko ay si Lito. Ako naman ay si Rino.<br><br>Mahal kami ni nanay at tatay. Inaalagaan nila kami. Tinuturuan kami ng mabuting pag-uugali. Pinaghahanda kami ni nanay ng masarap na baon mula Lunes hanggang Biyernes. Inihahatid naman kami ni tatay sa paaralan. Tuwing Linggo ay namamasyal kami. Masaya ako sa aking pamilya.<br><br>**Mga Tanong:**<br>1. Sino-sino ang bumubuo sa pamilya ni Rino? | Mga Tanong:<br><br>1. Ano ang iyong nakikita sa unang larawan?<br><br>2. Ano ang iyong damdamin sa mga lugar na katulad nito?<br><br>3. Ano ang iyong nakikita sa pangalawang larawan?<br><br>4. Gugustuhin mo bang tumira sa lugar na ito? Bakit? |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | Tumawag ng tatlo o apat na mag-aaral na magbabahagi sa klase. | 2. Paano inaalagaan nina Ginang Mila at Ginoong Pilo ang mga anak na sina Rino at Lito?<br>3. Ano ang karapatang tinatamasa nina Rino at Lito? | |
| *Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya* | Ang mga karapatang ito ay mahalaga sa bawat isa sa atin. Ito ay kakailanganin natin upang tayo ay mabuhay nang maayos, masaya, at malaya.<br><br>Dapat ninyong maintindihan na bata, matanda, lalaki, o babae, ay may karapatan.<br><br>Anuman ang iyong katayuan sa buhay, pantay-pantay ang ating mga karapatan.<br><br>Dapat tandaan na ang bawat karapatan ay may kaakibat na tungkulin na dapat gampanan ng bawat isa. | Ang bawat bata ay may karapatang maisilang at mabigyan ng sariling pangalan.<br><br>Ang pangalan ay bahagi ng pagkakakilanlan habambuhay.<br><br>Kasabay ng pagbibigay ng pangalan ay ang pagkilala na siya ay kabilang sa bansa kung saan ang kaniyang mga magulang ay mamamayan nito. | Ang batang kagaya ninyo ay may karapatang magkaroon ng tahanan. Kaya sinisiguro ng mga magulang ninyo na may bahay kayong matitirahan. Sinisiguro rin nila ang inyong mabuting kalagayan hanggang sa paglaki ninyo.<br><br>Nararanasan ninyo rin ba ang mga karapatang ito?<br><br>Gabayan ang mga mag-aaral na magbahagi ng kuwento tungkol sa kanilang pamilya at kung paano sila inaaruga ng mga magulang, tagapangalaga o iba pang miyembro ng pamilya. | Ipaliwanag ang mga sumusunod na salita o parirala.<br><br>1. **manirahan** – tumira o, magkaroon ng tirahan sa matagal na panahon<br>2. **payapa at tahimik na lugar** – lugar na walang gulo, away, alitan, o digmaan |

*Pagpapalalim ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya*









Gawain: Punan ang kahon.

| | |
|---|---|
| Pangalan | |
| Palayaw | |
| Mga Magulang | |
| Tatay | |
| Nanay | |
| Kaarawan | |
| Bansang Kinabibilangan | |

May kaakibat na mga tungkulin ang mga karapatang nabanggit ukol sa pagkakakilanlan.

Mga Tanong:

1. Bilang isang anak, ano ang dapat gawin upang mapangalagaan ang inyong pangalan?

2. Bilang isang mag-aaral, ano ang dapat gawin upang maipakita ang katapatan at pagmamahal sa bansa?

Lahat tayo ay may kinabibilangang pamilya na nagbibigay ng pagmamahal o pag-aaruga sa atin.

Naglalaan ng oras, atensiyon, at nagbibigay ng suporta ang inyong mga magulang, tagapangalaga o ibang kasapi o miyembro ng pamilya. Ito ay upang masiguro na kayo ay ligtas, malusog, at magkakaroon ng magandang kinabukasan. Dapat din nating tandaan na may tungkulin din kayo sa kabila nito.

Hatiin sa tatlong grupo ang klase. Ipakita sa pamamagitan ng *role play* kung paano ipinapakita ng inyong pamilya ang pag aalaga sa inyo sa sumusunod na sitwasyon at anong tungkulin ang inyong isinasagawa:

Unang grupo:
Paghahanda sa pagpasok sa paaralan

Ikalawang grupo:
Kapag ikaw ay may sakit

Ipakita ang bidyo ng isang mapayapa at tahimik na tahanan at komunidad.

**Tandaan**: Maaring maghanap pa ng mga bidyo ng isang masaya at mapayapang Pilipinong komunidad.

Base sa napanood na bidyo hikayatin ang mag-aaral na sagutin ang mga tanong ukol dito.


1. Ano ang napansin ninyo sa napanood na bidyo?



2. Ano ang naramdaman mo habang pinanonood ito?


3. Nagpapakita ba ito ng isang masaya at tahimik na pamilya?

4. Ilarawan mo ang lugar na ipinakita sa bidyo? Ito ba ay mapayapa o magulo?

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | <br><br><br><br>Ipaskil o ipakita ang mga larawan.<br><br>Itaas ang kanang kamay kung ang ipinakitang larawan ay tungkol sa karapatan at ang kaliwang kamay naman ang itaas kung ito ay tungkol sa tungkulin. | | Ikatlong grupo:<br>Paghahanda bago at pagkatapos kumain | |

| Pagkatapos Ituro ang Aralin | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Paglalapat at Paglalahat* | Bawat karapatan ay may kaakibat na tungkulin.<br><br>Ang mga larawan na nasa ibaba ay ilan sa mga karapatan ng bata. Ibigay ang kaakibat na tungkulin nito. Bilang bata, ano ang dapat mong gawin?<br><br>Sasabihin lamang ng mga mag-aaral ang sagot.<br><br><br>Karapatang makapaglaro at makapaglibang<br><br><br><br>Karapatang magkaroon ng sapat na edukasyon | Panuto: Sundan ang guro. Uliting sambitin ang mga salitang binigkas niya nang nakalagay ang kanang kamay sa dibdib.<br><br>Ako si _______________ (pangalan).<br>Ako ay Pilipino.<br>Karapatan kong maisilang, magkaroon ng pangalan, at nasyonalidad. Ipinagmamalaki kong maging isang Pilipino. | Panuto: Sundan ang guro. Uliting sambitin ang mga salitang binigkas niya mula row 1-4 at ang panglimang beses, sabay-sabay ang buong klase.<br><br>Bilang bata, karapatan kong magkaroon ng tahanan at pamilyang mag-aaruga sa akin. | Punan ng tamang salita.<br><br>Natutunan ko na ang bawat bata ay may ________.<br>Isa sa karapatan na ito ay ang karapatang manirahan sa ____________ at _____________ na lugar. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | <br>Karapatang magkaroon ng tahanan at pamilyang mag-aaruga | | | |
| *Pagtataya ng Natutuhan* | Itaas ang mga kamay na pormang puso kung ang babasahin ng guro ay tama.  Ipakita naman ang pormang ekis kung hindi. <br><br>1. Ang bata ay wala pang karapatan.<br><br>2. Maaaring tawagin ang bata sa ano mang pangalan na gusto nating banggitin.<br><br>3. Pinipili lamang ang binibigyan ng karapatan. | Bigyan ng pagkakataong magkuwento ang mga bata tungkol sa tinatamasang karapatang maisilang, magkaroon ng pangalan, at nasyonalidad.<br><br>Gabayan ang mga mag-aaral sa pagkukuwento gamit ang mga sumusunod na salita:<br><br>Pangalan<br><br>Magulang<br><br>Petsa ng kapanganakan<br><br>Pilipino | Gumuhit ng larawan ng inyong pamilya. Ilagay kung ilan kayong magkakapatid at sino-sino pa ang iba mong kasama sa inyong bahay. | Lagyan ng hugis puso (♥) ang mga larawan na nagpapakita ng karapatan ng batang manirahan sa payapa at tahimik na lugar.<br><br>1.___________<br><br> |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | 4. Ang karapatan ay mga pangangailangang dapat tinatamasa ng isang bata.<br><br>5. Tinutukoy na tungkulin ang mga dapat mong gawin ayon sa iyong karapatan. | | | 2.____________<br><br>3.____________<br><br>4.____________<br> |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | <br>5.________________ |
| *Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat)* | Magpatulong sa magulang o nakatatandang kapatid. Pag-usapan kung ano-ano ang mga karapatang dapat tamasain at tungkuling dapat gampanan ng mga bata. | Gumawa ng iyong sariling *name tag* batay sa gabay na ito. Isulat ito sa *bond paper*.<br><br>________________<br>Pangalan<br><br>________________<br>Palayaw<br><br>________________<br>Kaarawan | Magdikit sa kuwaderno ng larawan ng iyong pamilya.<br><br>Isulat din ang pangalan ng bawat miyembro ng iyong pamilya. | Sagutan ng Tama o Mali ang mga sumusunod na sitwasyon o pangungusap.<br><br>1. Karapatan ng mga bata na manirahan sa payapa at tahimik na lugar.<br><br>2. Kailangang igalang ang bawat karapatan ng bawat bata.<br><br>3. Dapat iiwas ng mga magulang ang kanilang anak sa magulo at maingay na pamayanan. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | 4. Ang karapatan ng bawat bata ay hindi nila dapat malaman.<br><br>5. Tungkulin ng bawat bata na panatilihin ang kalinisan, kaayusan at kapayapaan sa kanilang komunidad. |
| *Mga Tala* | | | | |
| *Repleksiyon* | | | | |

Inihanda ni:

_________________________
Guro

Nirebyu ni:

____________________________
Master Teacher / Head Teacher

Pinagtibay ni:

_________________________
School Head